REPUBLIKA NG PILIPINAS
TANGGAPAN NG PANGULO
KOMISYON SA LALONG MATAAS NA EDUKASYON

ANG KASALUKUYANG DAIGDIG

Pamagat ng Kurso: **Ang Kasalukuyang Daigdig**

Bilang ng Yunit: 3 Yunit

Deskripsiyon ng Kurso:

Sa kursong ito ipinapakilala sa mga mag-aaral ang kasalukuyang daigdig sa pamamagitan ng pagsusuri sa maraming aspekto ng penomeno ng globalisasyon. Gamit ang iba't ibang disiplina sa agham panlipunan, sinusuri nito ang ekonomiya, lipunan, politika, teknolohiya, at iba pang transpormasyong nagdulot ng tumataas na pagkamulat sa interkoneksiyon ng mga tao at pook sa buong mundo. Sa pagtatapos ng kurso, magkakaloob ito ng pangkalahatang tanaw sa iba't ibang debate hinggil sa pandaigdigang pamamahala, development, at tuloy-tuloy na pag-unlad. Higit sa pagmumulat sa mga mag-aaral sa daigdig sa labas ng Filipinas, layunin nitong ikintal sa kanilang isip ang pagiging mamamayan ng daigdig at pandaigdigang pananagutang etiko.

Kasama sa kursong ito ang mga mandatoryong paksa hinggil sa edukasyong pampopulasyon sa konteksto ng populasyon at demograpiya.

Inaasahang Matututuhan:

Sa pagtatapos ng kurso, magagawa ng mga mag-aaral na:

A. Kaalaman
1. Maláman ang iba't ibang interpretasyon sa/at pagdulog sa globalisasyon
2. Mailarawan ang pagkakaroon ng pandaigdigang sistema sa ekonomiya, politika, lipunan, at kultura
3. Masuri ang iba't ibang responsable sa globalisasyon sa kasalukuyan
4. Maintindihan ang mga isyu hinggil sa estado ng nasyon
5. Matása ang mga epekto ng globalisasyon sa iba't ibang yunit sa lipunan at ang kanilang mga tugon

B. Kasanayan
1. Masuri ang napapanahong mga balita sa konteksto ng globalisasyon
2. Masuri ang mga pandaigdigang isyu may kaugnayan sa mga Filipino at sa Filipinas
3. Makapagsulat ng isang pananaliksik hinggil sa isang paksang may kinalaman sa globalisasyon nang may angkop na mga pagsipi

C. Halagahan

1. Makapagbigay ng sariling paninindigan hinggil sa iba’t ibang isyung pandaigdigan
2. Matukoy ang mga etikong implikasyon ng pandaigdigang pagkamamayan

Bilang ng Oras: **3 oras bawat linggo sa loob ng 18 linggo o 54 oras sa isang semestre**

Balangkas ng Kurso

Linggo	Paksa
1-2	Introduksiyon sa Globalisasyon - Pagpapakahulugan sa Globalisasyon
3-5	Ang mga Estruktura ng Globalisasyon - Ang Pandaigdigang Ekonomiya - Integrasyon ng Merkado - Ang Pandaigdigang Sistema ng mga Estado - Kasalukuyang Pandaigdigang Pamamahala
6-8	Isang Daigdig ng mga Rehiyon - Paghahati ng Daigdig: Ang Hilaga at ang Timog - Rehiyonalismong Asiano
9	Midterm
10-11	Ang Daigdig ng mga Idea - Pandaigdigang mga Kultura ng Midya - Ang Globalisasyon ng Relihiyon
12-14	Pandaigdigang Populasyon at Galaw - Ang Pandaigdigang Lungsod - Pandaigdigang Demograpiya - Pagdaigdigang Migrasyon
15-16	Tungo sa Likás-Káyang Mundo - Likás-káyang Pag-unlad - Pandaigdigang Seguridad sa Pagkain
17-18	Kongklusyon - Pagiging Mamamayan ng Daigdig - Pagsulat ng papel pananaliksik

Mga Kahingian sa Kurso

1. Regular na maiikling pagsusulit
2. Pagsusuring papel pangmidterm
3. Pangkatang ulat
4. Pinal na papel pananaliksik

Pagtatása

25% Maiikling pagsusulit
15% Resitasyon
15% Sanaysay Pangmidterm
25%Pangkatang Pag-uulat at Iba pang papel pampananaliksik
20% Pinal na Papel Pananaliksik

ANG KASALUKUYANG DAIGDIG Planong Aralín

INAASAHANG MATUTUTUHAN	PAKSA	METODOLOHIYA	MGA SANGGUNIAN	PAGTATÁSA
LINGGO 1-2: Introduksiyon				
- Magpakilala ng sarili sa mga kamag-aral at guro - Maglista ng mga inaasahan sa kurso - Alalahanin ang mga tuntunin sa kurso - Magsulat ng personal na depinisyon sa globalisasyon batay sa isang mapa ng konsepto -	Pangkalahatang tanaw sa kurso Mga patakaran sa silid-aralan	Pagbabahagi sa silid-aralan (Mga introduksiyon) Lektura Personal na mapa ng konsepto ng globalisasyon: Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagsasanay sa pagsasáma-sáma ng	Silabus ng Kurso Ipakilala ang teksbuk: Manfred Stegger, Paul Battersby, and Joseph M. Siracusa, mga ed. 2014. The *SAGE Handbook of Globalization*. 2 Vol. Thousand Oaks: SAGE.	

		mga ideang kaugnay ng “globalisasyon.” Batay sa mga konseptong kanilang nailista, magkakaroon sila ng sintesis ng isang personal na depinisyon ng konsepto.		
- Paghambingin ang magkakaibang idea ng globalisasyon - Magtukoy ng nakapaloob na pilosopiya sa iba’t ibang depinisyon ng globalisasyon - Magkasundo sa isang gagamiting depinisyon ng globalisasyon sa kurso	Introduksiyon sa Pag-aaral ng Globalisasyon	Lektura Kritika sa isang balita: Maghahanap at magbabasá ang mga mag-aaral ng tatlong opinyon sa pahayagan (lokal o internasyonal) na tumatalakay sa globalisasyon. Bago ang klase, susulat sila ng buod ng opinyon na may 50 salita, na tumutukoy sa mahahalagang depinisyon ng globalisasyon na ginamit ng mga manunulat ng opinyon.	LCD Projector Mga Babasahín: • Kabanata 2 ng teksbuk: “Approaches to the Study of Globalization” ni Manfred B. Steger • Steger, Manfred B. “Ideologies of Globalization.” 2005. *Journal of Political Ideologies* 10(1): 11—30.	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon
Linggo 3—5: Ang mga Estruktura ng Globalisasyon				
- Ipaliwanag ang globalisasyon sa ekonomiya - Tukuyin ang mga nagpapakilos sa globalisasyon sa ekonomiya - Ipaliwanag ang makabagong sistemang	Ang Pandaigdigang Ekonomiya	Laktura/talakayan Debate: Magdedebate ang mga mag-aaral sa mungkahing paksang na “Ang pandaigdigang malayang kalakalan ay	LCD Projector • Mga Babasahín: • Kabanata 9 ng teksbuk: “The Globalization of Economic Relations” ni István Benczes • Wallerstein, Immanuel. 2004. “The	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon

pandaigdigan - Ipaliwanag ang paninindigan hinggil sa pagdaigdigang integrasyon sa ekonomiya -		mas nakasasamâ kaysa nakabubuti.”	Modern World System as a Capitalist World Economy: Production, Surplus-Value, and Polarization.” Nása *World-Systems Analysis: An Introduction*. Durnham & London: Duke University Press, pp. 23—41.	
- Ipaliwanag ang tungkulin ng mga pandaigdigang institusyong pampinansiya sa paglikha ng isang pandaigdigang ekonomiya - Magsalaysay ng isang maikling kasaysayan ng pandaigdigang integrasyon ng merkado sa ika-20 siglo - Magtukoy ng mga katangian ng mga pandaigdigang korporasyon	Integrasyon ng Merkado	Lektura / talakayan Panonood ng film at talakayan	LCP Projector Mga Babasahín: • Kabanata 17 ng teksbuk: “The Rise of the Global Corporation” ni Deane Neubauer • Bello, Walden F. 2006. “The Multiple Crises of Global Capitalism.” Nása *Deglobalization: Ideas for a New World Economy.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, pp. 1—31. Film: “The Corporaton” sa direksiyon ni Mark Achbar at Jennifer Abbott	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon
- Ipaliwanag ang mga epekto ng globalisasyon sa mga pamahalaan - Magtukoy ng mga institusyong namumuno sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan - Paghambingin ang internasyonalismo at globalismo	Ang Pandaigdigang Sistema ng mga Estado	Lektura / talakayan	LCD Projector Mga babasahin: • Kabanata 7 ng teksbuk: “Governments and Citizens in a Globally Interconnected World of States” ni Hans Schattle • Mazower, Mark. 2006. “Ang International Civilization? Empire, Internationalism and the Crisis of the Mid-Twentieth Century.” *International Affairs* 82(3): 553—566.	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon

Magtukoy ng mga tungkulin at mga gawain ng United Nations Magtukoy ng mga hámon sa pandaigdigang pamamahala sa ika-21 siglo Ipaliwanag ang kahalagahan ng estado sa gitna ng gobalisasyon	Kontemporaneong Pandaigdigang Pamamahala	Lektura / Talakayan	LCD Projector Mga Babasahín: • Kabanataa 29 ng teksbuk: “The United Nations Meets the Twenty-first Century: Confronting the Challenges of Global Governance” ni Thomas G. Weiss at Ramesh Thakur • Hobsbawn, Eric J. 1996. “The Future of the State.” Nása *Development and Change* 27(2): 267—278.	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon
Linggo 6—8: Isang Daigdig ng mga Rehiyon				
• Ipaliwanag ang terminong “Timog sa Daigdig” • Paghambingin ang Timog sa Daigdig at ang Ikatlong Daigdig • Suriin kung paano umusbong ang isang bagong pagtingin sa mga ugnayang pandaigdig mula sa karanasan ng mga bansang Latin American	Ang Paghahati ng Daigdig: Ang Hilaga ay ang Timog (Tuon sa Latin America)	Lektura / talakayan Pangkatang pag-uulat	LCD Projector Mga Babasahín • Kabanata 12 ng teksbuk: “Locating the Global South” ni Lisandro E. Claudio • Connell. Raewyn. 2007. “Dependency, Autonomy and Culture. Nása *Southernism Theory: The Global Dynamics of Knowledge in Social Science.* Cambridge, UK: Polity Press, pp. 139—163.	Mailing pagsusulit hinggil sa mga babasahín Markadong Pangkatang Ulat: Bubuo ng 3—5 pangkat ang mga mag-aaral. Bibigyan ng isang iuulat na bansa sa Latin America ang bawat isa. Magkakaroon ng 10-minutong presentasyon ang mga pangkat hinggil sa kasalukuyang patakarang panlabas at pang-ekonomiya ng kani-kanilang bansa.
Ipaghambing ang rehiyonalisasyon at globalisasyon Magtukoy ng mga salik na nagdulot ng lalo pang integrasyon ng mga rehiyon sa	Rehiyonalismo sa Asia	Lektua / Talakayan Pangkatang Pag-uulat	LCD Projector Mga Babasahín: • Kabanata 13 ng Teksbuk: “Globalization and the Asia Pacific and South Asia” ni Ehito Kimura	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Markadong Pangkatang Ulat: Bubuo ng 3—5 pangkat ang mga mag-

Asia			• Shiraishi, Takashi. 2006. “The Third Wave: Southeast Asia and Middle-Class Formation in the Making of a Region.” Nása *Beyond Japan: The Dynamics of East Asian Regionalism*, ed. Peter Katzenstein and Takashi Shiraisi. Ithaca, NY: Cornell University Press, pp. 237—71.	aaral. Bibigyan ng isang iuulat na bansa sa Asia ang bawat isa. Magkakaroon ng 10-minutong presentasyon ang mga pangkat hinggil sa kasalaukuyang patakarang panlabas at pang-ekonomiya ng kani-kanilang bansa.
Linggo 9: Midterm				
- Gumawa ng sintesis ng kaalaman kaugnay ng globalisasyon	Sintesis	Sanaysay pang-midterm		Sanaysay pang-midterm: Pasusulatin ang mga mag-aaral ng isang sanaysay na may 2,000 salita na sumasagot sa sumusunod na mga tanong: 1. Paano natin gagawing mas makatarungan ang globalisasyon? 2. Paano naaapektuhan ng globalisasyon ang estado? Paano naapektuhan ng globalisasyon ang bansa? Mahalaga pa rin ba ang mga institusyon/konseptong ito? Bakit oo o hindi?
Linggo 10-11 Isang Daigdig ng mga Idea				
Suriin kung paano itinutulak ng midya ang iba’t ibang anyo ng pandaigdigang integrasyon	Pandaigdigang mga Kultura ng Midya	Lektura / Talakayan Pangkatang Pag-uulat	LCD Projector Mga Babasahín • Kabanata 22 ng teksbuk:	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Markadong Pangkatang Ulat:

			“Globalization and the Media: Creating the Global Village” ni Jack Lule • Kabanata 23 ng teksbuk: “Popular Music and Globalization” ni Yara El-Ghabdan	Bubuo ng 3—5 pangkat ang mga mag-aaral. Bawat pangkat ay pipili ng isang Asianong musikal na pagtatanghal na naging tanyag sa buong mundo. Sa kanilang pangkatang pag-uulat, dapat nilang masagot ang sumusunod na tanong: 1. Saan nagmula ang musikal na pagtatanghal/artista? 2. Saang mga bansa naging tanyag ang artista? 3. Paano naging tanyag ang artista? 4. Sa tingin ninyo, bakit naging tanyag ang artista?
Ipiliwanag kung paano nakaaapekto ang globalisasyon sa mga kaugalian at paniniwalang panrelihiyon Suriin ang relasyon ng relihiyon at pandaigdigang salungatan, at sa kabilâng banda, ang pandaigdigang kapayapaan	Ang Globalisasyon ng Relihiyon	Lektura / Talakayan Talakayan sa film	LCD Projector Mga Babasahín • Kabanata 10 ng teksbuk: “Religion and Globalization” ni Victor Roudometof • Kabanata 43 ng teksbuk: “Religion and Global Conflict” by Mark Juergensmeyer Film: PBS Frontline: “The Rise of ISIS” (http://www.pbs.org/wgbh/frontline/film/rise-of-isis/)	Maikling pagsusulit sa mga babasahín Resitasyon
Linggo 12-14: Pandaigdigang Populasyon at Galaw				

- Tukuyin ang mga katangian ng isag pandaigdigang lungsod - Suriin kung paano nagiging makinarya ng globalisasyon ang mga lungsod	Ang Pandaigdigang Lungsod	Lektura / Talakayan	LCD Projector Mga Babasahín • Kabanata 26 ng teksbuk: “Mobility, Diversity and Community in the Global City” ni Val Colic-Peisker • Sassen, Saskia. 2005. “The Global City: Introducing a Concept.” Násа *Brown Journal of World Affairsi*. XI(2): 27—43.	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Markadong Pangkatang Ulat: Bubuo ng 3—5 pangkat ang mga mag-aaral. Bawat pangkat ay bibigyan ng isang pandaigdigang lungsod na tatalakayin at sasaliksikin. Sa kanilang pangkatang pag-uulat, dapat nilang masagot ang sumusunod na tanong: 1. Paano mo ilalarawan ang iyong lungsod? 2. Anong tanyag sa inyong lungsod? 3. Paanong naging pandaigdigang lungsod ang iyong lungsod?
- Ipaliwanag ang teorya ng transisyong demograpiko habang naaapektuhan nito ang pandaigdigang populasyon	Pasiyang paksa: Pandaigdigang Demograpiya	Lektura / Talakayan	LCD Projector Mga Babasahín • Lee, Ronald. 2003. “The Demographic Transition: Three Centuries of Fundamental Change.” Násа *Journal of Economic Perspectives* 17(4): 167—190. • Lesthaeghe, Ron. 2010. “The Unfolding Story of the Second Demographic Transition.“ Násа *Population and Development Review* 36(2): 211—251. • Livi-Bacci, Massiomo. 2005. “What We	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Maikling papel pananaliksik na tumatalakas sa sumusunod na paksa: Nagkaroon na ba ng transisyong demograpiko ang Filipinas? Bakit oo o hindi?

			Can and Cannot Learn from the History of World Population. Nása *Population Studies: A Journal of Demography* 69(S1): S21—S28	
- Suriin ang mga salik na pampolitika, pang-ekonimiya, pangkultura, at panlipunan na mahalaga sa pandaigdigang pagkilos ng mga tao - Magpakita ng kaalaman sa mga karanasan ng mga OFW na sa kanila mismo nagmula	Pagdaigdigang Migrasyon	Lektura / Talakayan Panayam sa OFW: Pagagawin ng panayam ang mga mag-aaral sa isang dati o kasalukuyang OFW (nang harápan o online). Sa klase, ibabahagi nila ang kanilang natutuhan sa mga panayam na ito tungkol sa transnasyonalismo at ang mga salik na may epekto sa pandaigdigang migrasyon	LCD Projector Mga Babasahín • Castles, Stephen. 2000. “International Migration at the Beginning of the Twenty-First Century: Global Trends and Issues.” Nása *International Social Science Journal* 52(165): 269—281. • Aguilar, Filomeno V. 2012. “Differentiating Sedimented from Modular Transnationalism: The View from East Asia.” Nása *Asian and Pacific Migration Journal* 21(2): 149—171.	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon
- Magsulat ng mungkahing papel ng pananaliksik na may tamang sitasyon - Magbigay ng kritika sa mga mungkahing pananaliksik ng mga kamag-aral	Pagsulat ng Papel Pananaliksik Kritika sa Mungkhaing Pananaliksik	Maliit na lektura sa mga pamamaraan sa pagsulat ng sitasyon para sa mga papel pananaliksik Mungkahi para sa pinal na papel pananaliksik: Magsisimula nang magsulat ang mga mag-aaral ng mungkahi na binubuo ng 500 salita para sa kanilang		

		pinal na papel pananaliksik. Tambalang Talakayan: Magtatambal ang dalawang mag-aaral at magbibigay ng kritika sa mungkahing pananaliksik ng bawat isa.		
Linggo 15—16: Tungo sa Isang Likás-Káyang Daigdig				
- Alamin ang pagkakaiba ng pagiging matatag sa pagiging likás-káya - Ipaliwanag mabuti ang mga modelo ng pandaigdigang likás-káyang pag-unlad	Likás-Káyang Pag-unlad	Lektura / Talakayan	LCD Projector Mga Babasahín • Kabanata 48 ng teksbuk: “Sustainable Economic Systems” ni Sebastian Plóciennik	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín Resitasyon
- Bigyan ng pakahulugan ang pandaigdigang seguridad sa pagkain	Pandaigdigang Seguridad sa Pagkain	Lektura / Talakayan	LCP Projector	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín
- Kritika sa umiiral na mga modelo ng pandaigdigang seguridad sa pagkain		Panonood ng Film	Mga Babasahín • Kabanata 50 ng teksbuk: “Global Food Security: The Challenge of Feeding the World” by Monika Barthwal-Datta • McMichael, Phillip. 2009. “A Food Regime Analysis of the World Food Crisis.” Nása *Agriculture and Human Values* 26(4): 281—95. Film: “The Price of Sugar” sa direksiyon ni Bill Haney	Resitasyon
Linggo 17—18: Kongklusyon				
- Ipaliwanag nang mabuti ang personal mong pakahulugan sa pagiging	Pagiging Mamamayan ng Daigdig	Lektura / Talakayan Personal na mapa ng	Mga Babasahín Carter, April. 2001. “Global Civil Society:	Maikling pagsusulit hinggil sa mga babasahín

mamamayan ng daigdig		konsepto ng pagiging mamamayan ng daigdig: Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagsasanay sa pagsasáma-sáma ng mga ideang kaugnay ng “pagiging mamamayan ng daigdig.” Batay dito, magbibigay sila ng sintesis ukol sa personal nilang pagpapakahulugan sa konsepto. Pagkaraan, ililista nila ang mga pananagutan ng isang mamamayan ng daigdig.	Acting as Global Citizens” násа *The Political Theory of Global Citizenship*. London: Routledge, pp. 147-176.	Resitasyon
- Magsulat ng isang papel pananaliksik sa isang paksang may kaugnayan sa globalisasyon, na may tamang sitasyon	Pagsulat ng papel pananaliksik	Mag-isang Pananaliksik at Pagsulat		Ilalaan ng mga mag-aaral ang hulíng linggo sa pagsulat ng kanilang pinal na papel

ANG KASALUKUYANG DAIGDIG Mapa ng Kurso

Inaasahang Matututuhan sa P.E.	Etika
KAALAMAN (MGA KASANAYANG INTELEKTUWAL)	
1. Kritikal na masuri ang “mga teksto” (nakasulat, biswal, pasalita, atbp.)	NT
2. Makapagpamalas ng mahusay at mabisang pakikipagkomunikasyon (sa pagsulat, pagsasalita, at paggamit ng makabagong teknolohiya)	NP
3. Paggamit ng batayang mga konsepto sa iba’t ibang dominyo ng kaalaman	NP
4. Makapagpamalas ng mapanuri, analitiko, at malikhaing pag-iisp	NP
5. Makagamit ng iba’t ibang analitikong paraan ng paglutas sa problema	NT
HALAGAHAN (MGA PANANAGUTAN SA SARILI AT SA LIPUNAN)	
1. Malaman ang kompleksidad ng kalagayan ng sangkatauhan	NT
2. Magkaroon ng interpretasyon ng karanasan ng tao mula sa iba’t ibang perpektiba	NT
3. Masuri ang kasalukuyang panahon sa perspektiba ng mga Filipino o sa labas ng bansa	NT
4. Magkaroon ng tungkuling alamin ang pagiging tunay na Filipino at isabúhay ito	PM
5. Kritikal na pagmunian ang karaniwang mga problema	NT
6. Makalikha ng makabagong mga pamamaraan at solusyon na ginagabayan ng mga batayang etikal	PM
7. Makapagpasiya batay sa huwarang moral at mahahalaga	NP
8. Mabigyan ng pagpapahalaga ang iba’t ibang anyo ng sining	NT
9. Makapag-ambag sa estetika	PM
10. Magtaguyod ng paggalang sa karapatang pantao	NT
11. Personal at mahalagang makapag-ambag sa pag-unlad ng bansa	NT
KASANAYAN (MGA KASANAYANG PRAKTIKAL)	
1. Epektibong makagawa o makaganap bilang isang pangkat	NP
2. Makagamit ng mga kasangkapan gaya ng computer upang epektibong makapagproseso ng impormasyon	PM

3. Makagamit ng makabagong teknolohiya na tutulong o magpapadali sa pag-aaral at pananaliksik	PM
4. Responsableng makasabay sa mundo ng teknolohiya	NT
5. Makalikha ng mga solusyon sa mga problema sa iba't ibang larang	NP
6. Magamit ang sariling kaalaman, kasanayan, at halagahan upang magkaroon ng responsable at produktibong pamumuhay	NT
7. Maihanda ang sarili para sa kaalamang panghabang-búhay.	NT

Leyenda
NT = Natutuhan
NP = Napraktis
PM = Pagkakataóng Matutuhan

ANG KASALUKUYANG DAIGDIG Mga Kailangang Babasahín at Iba Pang Materyales

Teksbuk:

Steger, Manfred B., Paul Battersby, and Joseph M. Siracusa, mga ed. 2014. *The SAGE Handbook of Globalization*. Dalawang tomo. Thousand Oaks: SAGE Publications.

Iba Pang Babasahín:

Aguilar, Filomeno V. 2012. “Differentiating Sedimented from Modular Transnationalism: The View from East Asia.” *Asian and Pacific Migration Journal* 21(2): 149—171.

Bello, Walden F. 2006. “The Multiple Crises of Global Capitalism.” Nasa *Deglobalization: Ideas for a New World Economy*, mp. 1—31. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.

Castles, Stephen. 2000. “International Migration at the Beginning of the Twenty-First Century: Global Trends and Issues.” *International Social Science Journal* 52 (165): 269—281.

Carter, April. 2001. “Global Civil Society: Acting as Global Citizens” nása *The Political Theory of Global Citizenship*, mp. 147—176. London: Routledge.

Connell, Raewyn. 2007. “Dependency, Autonomy and Culture. Nása *Southern Theory: The Global Dynamics of Knowledge in Social Science*, mp. 139—163. Cambridge, UK: Polity Press.

Hobsbawm, Eric J. 1996. “The Future of the State.” *Development and Change* 27 (2): 267—278.

Lee, Ronald. 2003. “The Demographic Transition: Three Centuries of Fundamental Change.” *Journal of Economic Perspectives* 17(4): 167—190.

Lesthaeghe, Ron. 2010. “The Unfolding Story of the Second Demographic Transition.” *Population and Development Review* 36(2): 211—251.

Livi-Bacci, Massiomo. 2005. “What We Can and Cannot Learn from the History of the World Population. *Population Studies: A Journal of Demography* 69 (S1): S21—S28.

Mazower, Mark. 2006. “An International Civilization? Empire, Internationalism and the Crisis of the Mid-Twentieth Century.” *International Affairs* 82 (3): 553—566.

McMichael, Philip. 2009. “A Food Regime Analysis of the World Food Crisis.” *Agriculture and Human Values* 26 (4): 281—295.

Sassen, Saskia. 2005. “The Global City: Introducing a Concept.” *Brown Journal of World Affairs* XI (2): 27—43.

Shiraishi, Takashi. 2006. “The Third Wave: Southeast Asia and Middle-Class Formation in the Making of a Region.” Násа *Beyond Japan: The Dynamics of East Asian Regionalism*, inedit ni Peter Katzenstein at Takashi Shiraishi, mp. 237—271. Ithaca, NY: Cornell Univeristy Press.

Steger, Manfred B. 2005. “Ideologies of Globalization.” *Journal of Political Ideologies* 10 (1): 11—30.

Wallerstein, Immanuel. 2004. “The Modern World-System as a Capitalist World Economy: Production, Surplus-Value, and Polarization.” Násа *World-Systems Analysis: An Introduction*, mp. 23—41. Durham at London: Duke University Press.

Mga Film:

“The Corporation” sa direksiyon ni Mark Achbar at Jennifer Abbott
“The Price of Sugar” sa direksiyon ni Bill Haney
“The Rise of ISIS,” PBS Frontline (http://www.pbs.org/wgbh/frontline/film/rise-of-isis/)